NOVENA PARA SA PAGBE-BEATIPIKA NG LINGKOD NG DIYOS NA SI ALFONZ PAULEN

PANIMULA

Ano ang Nobena?

Ang nobena ay isang panalangin na dinarasal sa loob ng siyam na magkakasunod na araw nang walang paghinto.

Kailan Dapat Dasalin ang Nobena?

Ang panalangin ng nobena ay lalong nagiging makahulugan kapag sinasabayan ng pananampalataya sa tulong ng Diyos upang malampasan ang mga panahon ng pagdurusa, karamdaman, pagkabalisa, paghina ng moralidad, mga suliranin sa pamilya, krisis sa pagsasama ng mag-asawa, kawalan ng trabaho, at iba pang mga problema.

Maaari rin nating dasalin ang nobena bilang paghahanda sa isang anibersaryo o kapistahan.

Nais nating humingi sa Panginoon ng tulong sa ating pang-araw-araw na mga suliranin, maliliit man o malalaki. Higit sa lahat, nais din nating magpasalamat sa di-mabilang na mga biyayang patuloy nating tinatanggap mula sa Diyos.

Sa pamamagitan nito, isinasabuhay natin ang mga salita ni Apostol San Pablo:

“Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay, kundi sa lahat ng bagay ay ilapit ninyo sa Diyos ang inyong mga kahilingan sa pamamagitan ng panalangin at pagsusumamo na may pagpapasalamat.” (Filipos 4:6)

Mga Rekomendasyon

Itinuturo ng Simbahan na ang buhay espirituwal at ang mga gawaing panrelihiyon ay malapit na nakaugnay sa buhay sakramental. Higit na nagiging mabunga ang mga ito kapag isinasabuhay natin ang mga ito sa kalagayan ng biyaya ng Diyos.

Kaya naman, inirerekomendang tanggapin ang Sakramento ng Kumpisal o Pakikipagkasundo habang dinarasal ang nobena. Sa pamamagitan nito, hinihingi natin sa Diyos ang kapatawaran sa ating mga kasalanang nakasakit kay Kristo at sa Kanyang Simbahan.

Inirerekomenda rin ang pagdalo sa Banal na Misa araw-araw, kung maaari, at pagtanggap sa Banal na Eukaristiya, na siyang bukal at rurok ng buong buhay Kristiyano.

Bukod dito, inirerekomendang isagawa ang mga sumusunod sa bawat araw ng nobena:

1. Luwalhatiin at pasalamatan ang Kabanal-banalang Santatlo: ang Diyos Ama sa kaloob na paglikha, ang Diyos Anak sa kaloob na pagtubos, at ang Diyos Espiritu Santo sa Kanyang gawain ng pagpapabanal.

2. Laging magpatawad sa lahat.

3. Maging masigasig at matiyaga sa personal na panalangin, panalangin ng pamilya, at panalangin ng pamayanan.

4. Gumawa ng mga gawaing nagpapakita ng pag-ibig sa kapwa.

5. Ipagkatiwala ang lahat sa kalooban ng Diyos.

Sa pagsunod sa mga payong ito at sa araw-araw na pagsisikap na magbalik-loob sa Diyos, na magdudulot ng tunay na pagbabago sa ating buhay, magiging saksi tayo sa masaganang biyayang inihanda ng Panginoon para sa atin.

“Kaya't buong tapang tayong lumapit sa trono ng biyaya upang tumanggap ng awa at makasumpong ng biyayang tutulong sa atin sa oras ng pangangailangan.” (Hebreo 4:16)

Habang pinagninilayan natin ang buhay ng Lingkod ng Diyos na si Alfonz Paulen, hilingin natin ang biyayang malinis ang ating sarili mula sa mga walang-kabuluhang bagay ng sanlibutan upang magkaroon ng puwang sa ating puso ang biyaya ng Diyos.

Sapagkat sinabi sa Banal na Kasulatan:

“Dapat Siyang maging dakila, at ako nama'y maging mababa.” (Juan 3:30)

I. PANIMULANG PANALANGIN

Pagkakasunod-sunod ng mga Panalangin sa Espiritu Santo

Halina, Espiritu Santo, Manlilikha,

dalawin Mo ang Iyong mga tapat na lingkod;

punuin Mo ang aming mga puso ng biyaya,

Ikaw na lumikha sa amin nang may karunungan.

Ikaw na tinatawag na Mang-aaliw,

kaloob ng Diyos na ipinagkaloob sa amin mula sa langit,

bukal na buhay, pag-ibig at apoy,

at banal na pagpapahid.

Ikaw na nagbibigay ng pitong kaloob,

daliri ng Diyos sa Kanyang mga gawa ng paglikha;

Ikaw na pangako ng Ama,

Ikaw ang nagbibigay ng kakayahang magsalita

at nagpapahayag ng Salita ng Panginoon.

Liwanagan Mo kami at palakasin ang aming espiritu,

ibuhos Mo sa aming mga puso ang apoy ng pag-ibig;

kapag nanghihina ang aming katawan,

ibangon Mo kami sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong biyaya.

Ipagsanggalang Mo kami laban sa kaaway,

ipagkaloob Mo sa amin ang Iyong kapayapaan sa lahat ng oras;

sa ilalim ng Iyong paggabay,

ilayo Mo kami sa mga impluwensiyang makapipinsala sa amin.

Turuan Mo kaming makilala ang Ama

at mahalin ang Kanyang Anak,

at sa pamamagitan Mo, Espiritu ng Ama at ng Anak,

nawa'y patuloy kaming sumampalataya sa lahat ng araw.

Amen.

II. PANALANGIN PARA SA PAGBE-BEATIPIKA NG LINGKOD NG DIYOS NA PARI ALFONZ PAULEN

Makapangyarihang Diyos, sa Iyong walang-hanggang awa, pinili Mo ang paring si Alfonz, na lubos na nag-alay ng sarili sa Iyo at sa Iyong Simbahan, upang buong sigasig na itanim sa puso ng kanyang mga parokyano ang mga prinsipyo ng Ebanghelyo, lalo na ang pag-ibig sa mga mahihirap, ang pangangalaga sa mga bokasyon sa paglilingkod sa Diyos, at ang pagpapalaganap ng debosyon sa Birheng Maria.

Pinatunayan niya ang kanyang katapatan kay Kristo at sa Simbahan sa panahon ng pag-uusig. Sa gayon, naging katulad siya ng Iyong minamahal na Anak, na nagdusa para sa amin at namatay sa kahoy ng krus.

Sa pamamagitan ng kanyang pamamagitan, ipagkaloob Mo sa amin ang mga biyayang hinihiling namin sa Iyo. At kung ito ay naaayon sa Iyong banal na kalooban, ipagkaloob Mo na ang Iyong lingkod na si Alfonz ay maipahayag na Mapalad (Blessed), bilang huwaran ng katapatan at matiyagang pagtitiis sa mga paghihirap ng buhay.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Amen.

UNANG ARAW

ISANG BATANG IPINANALANGIN

I. Panimulang Panalangin

Mula sa Banal na Kasulatan

“O Panginoon ng mga hukbo, kung lilingunin Mo lamang ang paghihirap ng Iyong lingkod at ako'y Iyong aalalahanin, at hindi Mo kalilimutan ang Iyong lingkod, kundi pagkakalooban Mo ako ng isang anak na lalaki, iaalay ko siya sa Iyo bilang isang Nazareo hanggang sa araw ng kanyang kamatayan. (…) Nang dumating ang takdang panahon, nagdalang-tao si Ana at nagsilang ng isang anak na lalaki. Pinangalanan niya itong Samuel, sapagkat sinabi niya, ‘Hiningi ko siya sa Panginoon.’” (1 Samuel 1:11–20)

Mula sa Buhay ng Lingkod ng Diyos na si Alfonz

Naglakbay nang naglalakad ang ina ni Alfonz na si Anna Paulenová patungo sa Mariazell bilang isang peregrina. Tumagal nang humigit-kumulang labing-apat na araw ang kanyang paglalakbay.

Sa harap ng mapaghimalang imahen ng Mahal na Birheng Maria, taimtim siyang humiling na pagkalooban siya ng isang anak. Sinabi niya:

“Panginoon, kung pagkatapos ng peregrinasyong ito ay magdalang-tao ako at isang lalaki ang aking isisilang, nawa'y maging pari siya.”

Tinanggap ng Panginoon ang marangal na panalanging iyon, na sinabayan ng sakripisyo. Mula pagkabata, hinubog Niya ang puso ng munting si Alfonz.

Panalangin

Diyos na aming Manlilikha, nagpapasalamat kami sa Iyo sa kaloob na buhay.

Sa pamamagitan ng pamamagitan ni Alfonz, ang Lingkod ng Diyos, ipinagkakatiwala namin sa Iyo ang lahat ng mag-asawang hindi nagkakaanak. Kung ito ay naaayon sa Iyong kalooban, pagkalooban Mo sila ng supling.

Idinadalangin din namin ang mga magulang. Nawa'y magkaroon sila ng lakas ng loob, tulad ni Ana sa Lumang Tipan at ni Anna, ang ina ni Alfonz, na ialay sa Iyo ang kanilang mga anak upang italaga nila ang kanilang buhay sa Iyo.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Amen.

II. Panalangin para sa Pagbe-beatipika ng Lingkod ng Diyos na Pari Alfonz Paulen

Dasalin ang panalangin para sa pagbe-beatipika na nasa pambungad na bahagi.

IKALAWANG ARAW

SI MARIA, LAGING KASAMA

I. Panimulang Panalangin

Mula sa Banal na Kasulatan

“Nakatayo malapit sa krus ni Jesus ang Kanyang ina, ang kapatid ng Kanyang ina, si Maria na asawa ni Cleofas, at si Maria Magdalena. Nang makita ni Jesus ang Kanyang ina at ang alagad na Kanyang minamahal na nakatayo sa tabi nito, sinabi Niya sa Kanyang ina, ‘Babae, narito ang iyong anak.’ Pagkatapos, sinabi Niya sa alagad, ‘Narito ang iyong ina.’ Mula sa oras na iyon, pinatuloy siya ng alagad sa kanyang tahanan.” (Juan 19:25–27)

Mula sa Buhay ng Lingkod ng Diyos na si Alfonz

Ang pamilya ni Paulen ay nanirahan at nagtrabaho malapit sa simbahang dinarayo ng mga peregrino sa Topoľčany. Naroroon ang mapaghimalang imahen ng Mahal na Birheng Maria ng Pitong Hapis (Our Lady of the Seven Sorrows).

Madalas silang magperegrinasyon doon upang magpasalamat sa Kabanal-banalang Birhen at humingi ng kanyang tulong.

Mula pagkabata, naging bahagi na ng buhay ni Alfonz si Maria. Nakilala niya siya bilang Inang Nagdurusa, ang Mahal na Birhen ng Pitong Hapis.

Nagsimula ang matibay na ugnayan ni Alfonz sa Ina ng Diyos sa pamamagitan ng araw-araw na pagdarasal ng Santo Rosaryo. Madalas siyang makita ng kanyang mga parokyano na may hawak na rosaryo.

Si Maria ay inaasahan ng lahat ng nagtitiwala sa kanya at sumisilong sa ilalim ng kanyang pangangalaga, sapagkat itinuturo niya tayo kay Kristo.

“Narito ang alipin ng Panginoon; mangyari sa akin ayon sa iyong salita.” (Lucas 1:38)

Hindi ang aking kalooban, kundi ang Iyo ang mangyari.

Amen.

Panalangin

Makapangyarihan at maawaing Diyos, sa pamamagitan ng pamamagitan ng Mahal na Birheng Maria, ilayo Mo kami sa lahat ng kapighatian upang magawa namin ang Iyong kalooban nang walang hadlang, sa aming kalooban man o mula sa mga pangyayaring nakapaligid sa amin.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Amen.

II. Panalangin para sa Pagbe-beatipika ng Lingkod ng Diyos na Pari Alfonz Paulen

Dasalin ang panalangin para sa pagbe-beatipika na nasa pambungad na bahagi.

IKATLONG ARAW

KABATAAN AT PAG-AARAL

I. Panimulang Panalangin

Mula sa Banal na Kasulatan

“Pagkaraan ng tatlong araw, natagpuan nila Siya sa templo, nakaupo sa gitna ng mga guro, nakikinig sa kanila at nagtatanong. Namangha ang lahat ng nakarinig sa Kanya dahil sa Kanyang pang-unawa at mga sagot. (…) Bumalik Siya kasama nila sa Nazaret at naging masunurin sa kanila. Iningatan ng Kanyang ina ang lahat ng mga bagay na ito sa kanyang puso. Lumago si Jesus sa karunungan, sa pangangatawan, at sa kagandahang-loob sa Diyos at sa mga tao.” (Lucas 2:46–52)

Mula sa Buhay ng Lingkod ng Diyos na si Alfonz

Napakaraming pagsubok ang pinagdaanan ng pamilya kung saan lumaki ang Lingkod ng Diyos na si Alfonz Paulen.

Limang taong gulang pa lamang siya nang mamatay ang kanyang ama dahil sa trangkaso Espanyola, hindi nagtagal matapos itong makauwi mula sa Unang Digmaang Pandaigdig. Namatay rin ang kanyang kapatid na si Jolanka.

Dahil dito, napunta sa balikat ng kanilang ina ang pamamahala sa tahanan at pagpapalaki sa mga anak na lalaki.

Nais ni Anna na mabigyan si Alfonz ng magandang edukasyon, kaya ipinadala niya ito upang mag-aral sa paaralang pangsekundarya (grammar school) sa Kláštor pod Znievom.

Doon, masikap na nag-aral si Alfonz at ginampanan nang maayos ang kanyang mga tungkulin.

Panalangin

Diyos na pinagmumulan at matibay na saligan ng pamayanan ng pamilya, buong kababaang-loob naming hinihiling na dinggin Mo ang aming mga panalangin.

Tulungan Mo kaming lumago sa pagmamahalan at sa mga birtud ng isang mabuting pamilya, sa pagsunod sa halimbawa ng Banal na Mag-anak, upang makamit namin ang gantimpalang buhay na walang hanggan sa aming tahanan sa langit.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Amen.

II. Panalangin para sa Pagbe-beatipika ng Lingkod ng Diyos na Pari Alfonz Paulen

Dasalin ang panalangin para sa pagbe-beatipika na nasa pambungad na bahagi.

IKAAPAT NA ARAW

PAGPAPARI

I. Panimulang Panalangin

Mula sa Banal na Kasulatan

“Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ialay ang Kanyang buhay bilang pantubos sa marami.” (Mateo 20:28)

Mula sa Buhay ng Lingkod ng Diyos na si Alfonz

Sa pagtatapos ng kanyang pag-aaral sa paaralang pangsekundarya, pinag-isipan ng batang si Alfonz kung ano ang nais ng Panginoon para sa kanyang buhay.

Hindi niya kailanman pinagdudahan ang kanyang bokasyon sa pagpapari. Gayunman, pinag-isipan niya kung higit ba siyang makapaglilingkod sa Diyos kung magiging Heswita siya.

Dahil nalalapit na noon ang pag-uusig sa mga relihiyoso, matapos kumonsulta sa mga taong higit na nakaaalam, nagpasya siyang manatili bilang isang paring diyosesano.

Ang bawat bokasyon ay nangangahulugan ng paglilingkod. Ito man ay pagpapari, buhay relihiyoso, o pag-aasawa, palaging may dalawang pagpipilian: ang maglingkod sa Diyos at sa kapwa, o ang unahin ang sarili at sariling kapakanan.

Pinili ni Alfonz Paulen ang paglilingkod sa Diyos at sa Simbahan.

Dahil hindi niya inuna ang kanyang sarili at buong puso niyang inilaan ang sarili sa paglilingkod, minahal siya ng mga mananampalataya. Ang alaala ng kanyang pagmamahal ay ipinapasa mula sa isang salinlahi patungo sa susunod.

Panalangin

Panginoon naming Diyos, pinamamahalaan Mo ang sambayanang Kristiyano sa pamamagitan ng Iyong mga pari.

Tulungan Mo silang tapat na tuparin ang misyong ipinagkatiwala Mo sa kanila upang sa pamamagitan ng kanilang ministeryo bilang mga pari at ng kanilang pamumuhay ay luwalhatiin nila Ikaw sa Iyong Anak.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Amen.

II. Panalangin para sa Pagbe-beatipika ng Lingkod ng Diyos na Pari Alfonz Paulen

Dasalin ang panalangin para sa pagbe-beatipika na nasa pambungad na bahagi.

IKALIMANG ARAW

PAGLILINGKOD SA MGA PAROKYANO AT KAHIRAPAN

I. Panimulang Panalangin

Mula sa Banal na Kasulatan

“Kung nais mong maging ganap, humayo ka, ipagbili mo ang iyong mga ari-arian at ipamahagi ang pera sa mga mahihirap, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, halika at sumunod ka sa Akin.” (…)

“Sinasabi Ko sa inyo, mahirap para sa isang mayaman na makapasok sa kaharian ng langit. Muli Kong sinasabi sa inyo, mas madali pang makapasok ang isang kamelyo sa butas ng karayom kaysa makapasok ang isang mayaman sa kaharian ng Diyos.” (Mateo 19:21–24)

Mula sa Buhay ng Lingkod ng Diyos na si Alfonz

Sinimulan ni Alfonz ang kanyang paglilingkod nang may dakilang pagmamahal at buong dedikasyon sa pangangalaga sa mga kaluluwa.

Naging masigasig siyang chaplain at kalaunan ay naging kura paroko.

Ang pangunahing sentro ng kanyang buhay ay si Jesus na naroroon sa Kabanal-banalang Sakramento. Ipinagkakatiwala niya kay Jesus ang lahat ng kanyang mga parokyano.

Kilala siya sa kanyang pagiging sensitibo sa pangangailangan ng mga mahihirap. Namuhay siya sa payak na paraan at hindi nag-iipon ng pera para sa sariling kapakinabangan. Makikita ito sa kanyang simpleng pananamit at paninirahan.

Tinutulungan niya ang mga pamilyang nangangailangan sa abot ng kanyang makakaya.

Batid ni Alfonz na walang kabuluhan ang labis na pagkakapit sa mga materyal na bagay ng sanlibutan. Iisa lamang ang kanyang pinananabikan: ang maging ganap sa pag-ibig.

Panalangin

Makapangyarihang Diyos, Ikaw na nagmamalasakit sa bawat nilalang, gisingin Mo sa aming puso ang mapagkawanggawang pag-ibig para sa aming mga kapatid na nangangailangan.

Turuan Mo kaming magbahagi sa isa't isa ng lahat ng mayroon kami nang may pagkakapatiran at pagmamahalan.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Amen.

II. Panalangin para sa Pagbe-beatipika ng Lingkod ng Diyos na Pari Alfonz Paulen

Dasalin ang panalangin para sa pagbe-beatipika na nasa pambungad na bahagi.

IKAANIM NA ARAW

PAG-UUSIG SA SIMBAHAN

I. Panimulang Panalangin

Mula sa Banal na Kasulatan

“Mapapalad kayo kapag nilalait at inuusig kayo ng mga tao, at kapag nagsasabi sila ng lahat ng uri ng kasamaan laban sa inyo nang dahil sa Akin. Magalak kayo at magsaya, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit. Ganoon din nila inusig ang mga propetang nauna sa inyo.” (Mateo 5:11–12)

Mula sa Buhay ng Lingkod ng Diyos na si Alfonz

Naranasan ng Lingkod ng Diyos na si Alfonz ang pag-uusig dahil sa kanyang pananampalataya.

Maaaring magsalaysay ang mga pader ng parokya sa Šenkvice kung ilang ulit na nagtungo sa kanya ang mga tauhan ng State Security at pinahirapan siya, sa pisikal man o mental na paraan.

Gayunman, walang nalalaman ang kanyang mga parokyano tungkol sa mga nangyayari sa kanya.

Pagkamatay ni Alfonz, inamin ng isang pari na maraming oras siyang naupo sa tabi ng libingan ni Padre Alfonz upang matutuhan mula sa kanyang halimbawa kung paano tanggapin at tiisin ang mga kawalang-katarungan, kung paano magpatawad, at kung paano maging maawain.

Ibinibigay sa atin ni Jesus ang sagot. Ang Kanyang di-makatarungang pagdurusa at kamatayan ang nagdulot ng pagtubos para sa marami.

Panalangin

Mapagmahal na Diyos, nais Mo na mahalin namin ang lahat ng tao at magpakita ng taos-pusong pagmamahal maging sa mga taong gumagawa ng masama sa amin.

Tulungan Mo kaming kumilos ayon sa bagong kautusan ng pag-ibig upang matutuhan naming suklian ng kabutihan ang kasamaan at tulungan ang aming kapwa na pasanin ang kanilang pang-araw-araw na krus.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Amen.

II. Panalangin para sa Pagbe-beatipika ng Lingkod ng Diyos na Pari Alfonz Paulen

Dasalin ang panalangin para sa pagbe-beatipika na nasa pambungad na bahagi.

IKAPITONG ARAW

DINAKIP AT PINAHIRAPAN

I. Panimulang Panalangin

Mula sa Banal na Kasulatan

“Ngunit bago mangyari ang lahat ng ito, kayo ay dadakpin at uusigin. Dadalhin kayo sa mga sinagoga at mga bilangguan, at ihaharap kayo sa mga hari at mga gobernador dahil sa Aking pangalan. Magiging pagkakataon ninyo ito upang magpatotoo. Kaya't huwag kayong mag-alala nang patiuna kung paano ninyo ipagtatanggol ang inyong sarili, sapagkat bibigyan Ko kayo ng mga salitang sasabihin at ng karunungang hindi matututulan o malalabanan ng inyong mga kaaway. (…) Kapopootan kayo ng lahat dahil sa Aking pangalan. Ngunit hindi mawawala kahit isang hibla ng inyong buhok. Sa pamamagitan ng inyong pagtitiis ay makakamit ninyo ang buhay na walang hanggan.” (Lucas 21:12–19)

Mula sa Buhay ng Lingkod ng Diyos na si Alfonz

Noong Setyembre 19, 1951, dumating sa simbahan ng parokya ang mga lalaking nakasuot ng itim na amerikana at may dalang mga awtomatikong baril upang dakpin si Alfonz Paulen.

Noon, kasama ni Padre Alfonz ang isang pamilyang nagpaplano ng peregrinasyon patungong Marianka.

May isang batang parokyano na tumakbo palapit sa kanya at nagmakaawang huwag na siyang bumalik sa bahay-parokya.

Subalit alam ni Alfonz na wala siyang mapagtataguan mula sa State Security. Kaya nagpasiya siyang bumalik. Ipinaliwanag niya ang kanyang pasiya sa pagsasabing wala siyang ginawang masama kaninuman.

Sumunod dito ang kanyang pagkakadetine, malupit na pagsisiyasat, at pagkakabilanggo.

Sa hatol na inilabas noong Hunyo 21, 1952, sinentensiyahan si Alfonz Paulen ng labing-isang taong pagkabilanggo dahil sa paratang na pagtataksil sa bayan. Hinatulan din siyang kumpiskahan ng ari-arian at mawalan ng mga karapatang sibil sa loob ng sampung taon.

Panalangin

Makapangyarihan at walang-hanggang Diyos, sa Iyong di-maabot ng aming pang-unawang karunungan, hinahayaan Mong makibahagi ang Simbahan sa mga pagdurusa ng Iyong Anak.

Isinasamo namin sa Iyo na palakasin Mo ang Iyong mga tapat na lingkod na inuusig dahil sa kanilang pananampalataya sa Iyo.

Sa pamamagitan ng kanilang pagtitiis at pag-ibig, nawa'y maging buhay silang patotoo sa katotohanan ng Iyong mga pangako.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Amen.

II. Panalangin para sa Pagbe-beatipika ng Lingkod ng Diyos na Pari Alfonz Paulen

Dasalin ang panalangin para sa pagbe-beatipika na nasa pambungad na bahagi.

IKAWALONG ARAW

BAYANI NG PAG-IBIG

I. Panimulang Panalangin

Mula sa Banal na Kasulatan

“Alam nating ang Diyos na muling bumuhay sa Panginoong Jesus ay bubuhay din sa atin kasama ni Jesus at dadalhin tayo kasama ninyo sa Kanyang harapan. Ang lahat ng ito ay para sa inyong kapakanan, upang habang dumarami ang mga taong tumatanggap ng biyaya, lalo ring dumami ang pagpapasalamat sa ikaluluwalhati ng Diyos.

Kaya't hindi kami pinanghihinaan ng loob. Kahit humihina ang aming panlabas na pagkatao, ang aming panloob na pagkatao naman ay binabago araw-araw. Sapagkat ang panandaliang paghihirap na aming tinitiis ay naghahanda sa amin para sa walang-hanggang kaluwalhatiang higit na dakila kaysa anumang maihahambing dito.

Hindi namin pinagtutuunan ng pansin ang mga bagay na nakikita, kundi ang mga bagay na hindi nakikita. Sapagkat ang mga nakikita ay pansamantala lamang, ngunit ang mga hindi nakikita ay walang hanggan.” (2 Corinto 4:14–18)

Mula sa Buhay ng Lingkod ng Diyos na si Alfonz

Matiyagang tiniis ni Alfonz ang mga araw ng kanyang pagkakakulong.
Sa mga liham na ipinadadala niya sa kanyang ina, palagi niyang ipinababatid ang kanyang pagbati sa kanyang mga kamag-anak at mga parokyano.

Buong pagtitimpi rin niyang tinanggap ang kanyang karamdaman at nanalangin upang pagkalooban siya ng lakas na tiisin ang sakit.

Si Mons. Justín Beňuška, na nakatalaga sa kanya noong huling gabi ng kanyang buhay, ay sumulat:

“Labis ang kanyang pagdurusa, ngunit nalampasan niya ang sakit. (…) Samantala, nagdasal kami ng maiikling panalangin. Ipinahayag niya ang kanyang mga kasalanan sa kumpisal.”
Naramdaman ni Alfonz na papalapit na ang kanyang wakas. Handa na siyang pumanaw at makauwi sa tahanan ng Ama.
Pinatawad niya ang lahat.

Sa mga huling oras ng kanyang buhay, ninais pa niyang higit na pagtibayin ang kanyang katapatan kay Kristo. Bumulong siya kay Don Titus Zeman:
“Bilang pari, ilang ulit kong naisip na sumapi sa mga Heswita. Gayunman, matapos ang napakaraming pagdurusang naranasan ko sa bilangguan kasama ng mga Salesiano, hinihiling kong tanggapin ninyo ako sa inyong samahan. Nais kong mamatay bilang isang Salesiano, bilang anak ni Don Bosco, sa ilalim ng pangangalaga ng Mahal na Birhen, Maria na Saklolo ng mga Kristiyano.”

Sinasalamin ng kanyang huling habilin ang kadalisayan at pag-ibig ng kanyang kaluluwa, gayundin ang kanyang hangaring sumunod kay Kristo nang higit na malapit.

Panalangin
Diyos na nakakakita sa puso ng bawat tao at nakaaalam sa bawat kilos ng aming kalooban, walang anumang lihim ang nakatago sa Iyo.
Isinasamo namin na punuin Mo kami ng Espiritu Santo at dalisayin ang kaibuturan ng aming puso upang mahalin Ka namin nang ganap at makapaglingkod nang karapat-dapat sa aming mga kapatid.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Amen.

II. Panalangin para sa Pagbe-beatipika ng Lingkod ng Diyos na Pari Alfonz Paulen
Dasalin ang panalangin para sa pagbe-beatipika na nasa pambungad na bahagi.

IKASIYAM NA ARAW
TANGGAPIN MO, PANGINOON, ANG SAKRIPISYO NG AKING BUHAY

I. Panimulang Panalangin

Mula sa Banal na Kasulatan
“Pinipighati kami sa lahat ng paraan, ngunit hindi nadudurog; naguguluhan, ngunit hindi nawawalan ng pag-asa; inuusig, ngunit hindi pinababayaan; ibinabagsak, ngunit hindi tuluyang napupuksa. Lagi naming dinadala sa aming katawan ang kamatayan ni Jesus upang maipakita rin sa aming katawan ang buhay ni Jesus.” (2 Corinto 4:8–10)

Mula sa Buhay ng Lingkod ng Diyos na si Alfonz

Ang tanawin ng krus na may puting tela na iwinawagayway ng hangin ay nagpapaalala sa atin na pansamantala lamang ang pagdurusa ng tao.

Pagkatapos ng mahirap na panahon ng pagsubok, dumarating ang tagumpay. Ang pinakahuling tagumpay ay ang pagpasok sa buhay na walang hanggan sa langit.

Ganito rin ang nangyari sa buhay ni Padre Alfonz. Noong Abril 10, 1954, sa hapon, bisperas ng Linggo ng Palaspas, inihabilin niya ang kanyang kaluluwa sa Panginoon.

Alam niyang patungo na siya sa Ama, at nagbigay ito sa kanya ng napakalaking pag-asa.
Dahil walang sinuman sa kanyang pinakamalalapit na kamag-anak ang nakasama niya sa mga huling sandali ng kanyang buhay, sina Jesus, Maria, at Jose ang naging kapalit nila.
Sila ang kanyang nilalapitan sa panalangin araw-araw.

Panalangin
Maawaing Ama, nilikha Mo kami ayon sa Iyong larawan at ipinagkaloob Mo ang Iyong Anak upang mamatay para sa amin.

Ipagkaloob Mo sa amin ang biyayang maging mapagbantay at laging manalangin upang sa pag-alis namin sa mundong ito ay malinis kami mula sa aming mga kasalanan at makapagpahinga nang may kagalakan sa mga bisig ng Iyong awa.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Amen.

Panalangin para sa Pagbe-beatipika ng Lingkod ng Diyos na Pari Alfonz Paulen

Makapangyarihang Diyos, sa Iyong walang-hanggang awa, pinili Mo ang paring si Alfonz, na lubos na nag-alay ng sarili sa Iyo at sa Iyong Simbahan, upang buong sigasig na itanim sa puso ng kanyang mga parokyano ang mga prinsipyo ng Ebanghelyo, lalo na ang pag-ibig sa mga mahihirap, ang pangangalaga sa mga bokasyon sa paglilingkod sa Diyos, at ang pagpapalaganap ng debosyon sa Birheng Maria.

Pinatunayan niya ang kanyang katapatan kay Kristo at sa Simbahan sa panahon ng pag-uusig. Sa gayon, naging katulad siya ng Iyong minamahal na Anak, na nagdusa para sa amin at namatay sa kahoy ng krus.

Sa pamamagitan ng kanyang pamamagitan, ipagkaloob Mo sa amin ang mga biyayang hinihiling namin sa Iyo. At kung ito ay naaayon sa Iyong banal na kalooban, ipagkaloob Mo na

ang lyong lingkod na si Alfonz ay maipahayag na Mapalad (Blessed), bilang huwaran ng katapatan at matiyagang pagtitiis sa mga paghihirap ng buhay.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Amen.